*Panalangin ng mga Kristiyano sa Maghapon*

# LITURGY OF THE HOURS

## PANALANGIN SA TAKIPSILIM

Ika-6 ng Hunyo, 2025

{ Ika-7 Biyernes sa Panahon ng Pagkabuhay ng Panginoon }

LITURGY OF THE HOURS
EBREVIARY

*Tumayo at gawin ang tanda ng krus*

O Diyos, halina at ako'y tulungan.

— O Panginoon, magmadali ka sa iyong pagdamay.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo.

— Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

## Awit

Ating alalahanin na si Hesus ay namatay
At s'ya'y muling nabuhay para sa 'ting kasalanan.
Siya ang ating Diyos, PANGINOONG nagliligtas,
Sa lahat ng panahon, s'ya ang kaligayahan.

Kung tayo ay mamatay kasama ng PANGINOON,
Mabubuhay din tayong kasama ang PANGINOON.

Ating alalahanin na si Hesus ay namatay
At s'ya'y muling nabuhay para sa 'ting kasalanan.
Siya ang ating Diyos, PANGINOONG nagliligtas,
Sa lahat ng panahon, s'ya ang kaligayahan.

Kung tayo ma'y nagtiis kasama ng PANGINOON,
Tayo ri'y maghahari kasama ng PANGINOON.

Ating alalahanin na si Hesus ay namatay
At s'ya'y muling nabuhay para sa 'ting kasalanan.
Siya ang ating Diyos, PANGINOONG nagliligtas,
Sa lahat ng panahon, s'ya ang kaligayahan.

Lahat ay nasa kanya, kahit ating kalungkutan;
Nasa kanya ang lahat maging ating kagalakan.

Ating alalahanin na si Hesus ay namatay
At s'ya'y muling nabuhay para sa 'ting kasalanan.
Siya ang ating Diyos, PANGINOONG nagliligtas,
Sa lahat ng panahon, s'ya ang kaligayahan.

Lahat ay nasa kanya, kahit ating kaligtasan;
Nasa kanya ang lahat maging ating pagmamahal.

Ating alalahanin na si Hesus ay namatay

At s'ya'y muling nabuhay para sa 'ting kasalanan.
Siya ang ating Diyos, PANGINOONG nagliligtas,
Sa lahat ng panahon, s'ya ang kaligayahan.

*Umupo o tumayo*

## Mga Antipona at Salmo

*Antipona 1*

Ang inyong Panginoon ay ako, na Tagapagligtas at Manunubos ninyo, aleluya.

*Salmo 135*

*(Papuri sa mga dakilang bagay na ipinagkakaloob ng Maykapal)*

*I*

Purihin ang PANGINOON!
Ngalan niya ay purihin noong kanyang mga lingkod,
Ng lahat ng lingkod niyang sa templo ay pumapasok,
Upang doon manambahan sa banal na bahay ng Diyos.

Ang PANGINOON ay papurihan pagkat siya ay mabuti,
Ang taglay n'yang kabaitan ay marapat sa papuri.
Siya rin nga ang humirang kay Jacob na kanyang lingkod,
Ang Israel nama'y bansang hinirang n'ya at kinupkop.

Aking batid na ang PANGINOON ay ang Diyos na dakila,
Higit siya sa alinmang diyus-diyosang naglipana;
Ang anumang hangad niya sa langit man o sa lupa,
At kahit sa karagatan, kung anumang kanyang nasa,
Ginaganap niya ito, sa sariling pagkukusa.

Nilikha n'ya yaong ulap na laganap sa daigdig,
Maging bagyong malalakas na may kidlat na mabilis;
Sa kanya rin nagmumula yaong hanging umiihip.

Pinuksa n'ya sa Egipto yaong anak na panganay,
Maging tao't maging hayop ang panganay ay namatay.
Nagpamalas siya roon ng gawang kahanga-hanga,
Upang kanyang pagdusahin si Farao't kanyang bansa.

Marami rin naman siyang winasak na mga bansa,
At maraming mga haring pawang bantog ang pinuksa.

Yaong haring Amorreo na si Sehon ang pangalan,
At ang haring ang ngala'y Og, isang haring taga-Basan,
At iba pang mga hari na pinuksa sa Canaan.
Ang lupain nila roon ay kinuha at sinamsam,
Ibinigay sa Israel, ang bayang kanyang hirang.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

*Antipona*

Ang inyong Panginoon ay ako, na Tagapagligtas at Manunubos ninyo, aleluya.

*Antipona 2*

Pinagpala ang kaharian ni David na ating ama na dumating sa atin, aleluya.

*II*

Ikaw, PANGINOON, kikilanling PANGINOON na siyang Diyos,
Ang lahat ng nilikha mo ay hindi ka malilimot.
Ikaw nama'y mahahabag sa lahat ng iyong lingkod,
Ang alipin ay lalaya sa kanilang pagkagapos.

Ang Diyos ng mga bansa'y ginawa sa pilak-ginto,
Mga kamay nitong tao ang humugis at bumuo.
Oo't mayro'n silang bibig, hindi naman maibuka,
Mga mata'y mayroon din, hindi naman makakita;

Mayroon din silang tainga, ngunit hindi makarinig,
Hindi sila humihinga, salatin man yaong bibig.
Ang gumawa sa kanila, at lahat nang nagtiwala,
Matutulad sa idolong sila na rin ang lumikha!

Ang PANGINOON ay papurihan, purihin s'ya ng Israel,
Maging kayong saserdote sa Diyos ay magpuri din.
Ang PANGINOON ay papurihan, kayong lahat na Levita,
Lahat kayong natatakot ay magpuring sama-sama.

Ang Diyos na nasa Sion ay sambahin at purihin, Ang
PANGINOON ay papurihan, sa templo sa Jerusalem.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

*Antipona*

Pinagpala ang kaharian ni David na ating ama na dumating sa atin, aleluya.

*Antipona 3*

Sa Panginoon ay mag-awitan; dakila siya sa kanyang tagumpay, aleluya.

*Awit: Pahayag 15:3-4*

*(Awit ng Pagsamba)*

PANGINOONG Diyos na Makapangyarihan sa lahat,
Dakila at kahanga-hanga ang iyong mga gawa!
O Hari ng mga bansa,
Matuwid at totoo ang iyong mga daan!
Sino ang hindi matatakot sa iyo, PANGINOON?
Sino ang tatangging magpahayag ng iyong kadakilaan?

Ikaw lamang ang banal!
Lahat ng mga bansa ay lalapit at sasamba sa iyo,
Sapagkat nakita ng lahat ang matuwid mong mga gawa.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

*Antipona*

Sa Panginoon ay mag-awitan; dakila siya sa kanyang tagumpay, aleluya.

*Umupo*

## Pagbasa ng Salita ng Diyos

*Hebreo 5:8-10*

Bagama't siya'y Anak ng Diyos, natutuhan niya ang tunay na kahulugan ng pagsunod sa pamamagitan ng pagtitiis. At nang maganap na niya ito, siya'y naging walang hanggang Tagapagligtas ng lahat ng sumusunod sa kanya. Minarapat ng Diyos na siya'y gawing dakilang saserdote ayon sa pagkasaserdote ni Melquisedec.

*Tugunan*

Ang mga alagad ay nagalak, aleluya, aleluya.

— Ang mga alagad ay nagalak, aleluya, aleluya.

Nang ang Panginoong muling nabuhay ay kanilang nakita,

— aleluya, aleluya.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo.

— Ang mga alagad ay nagalak, aleluya, aleluya.

*Tumayo*

## Papuring Awit ni Maria

*Antipona*

Walang hihigit sa pag-ibig na ialay mo ang iyong buhay para sa iyong mga kaibigan, aleluya.

*Lukas 1:46-56*

*Gumawa tanda ng krus*

Ang puso ko'y nagpupuri sa Panginoon,
At nagagalak ang aking espiritu dahil sa Diyos na aking tagapagligtas.
Sapagka't nilingap niya ang kanyang abang lingkod!

At mula ngayon, ako' y tatawaging mapalad ng lahat ng salinlahi,
Dahil sa mga dakilang bagay na ginawa sa akin ng Makapangyarihan —
Banal ang kanyang pangalan!

Kinahahabagan niya ang mga may takot sa kanya,
Sa lahat ng sali't saling lahi.
Ipinakita niya ang lakas ng kanyang mga bisig,
Pinangalat niya ang mga palalo ang isipan.

Ibinagsak niya ang mga hari mula sa kanilang trono,
At itinaas ang mga nasa abang kalagayan.

Binusog niya ng mabubuting bagay ang mga nagugutom,
At pinalayas niyang wala ni anuman ang mayayaman.

Tinulungan niya ang kanyang bayang Istael,

Bilang pagtupad sa pangako niya saating mga magulang,
Kay Abraham at sa kanyang lahi, magpakailanman!

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

*Antipona*

Walang hihigit sa pag-ibig na ialay mo ang iyong buhay para sa iyong mga kaibigan, aleluya.

## Pangkalahatang Panalangin

Si Kristo ang daan, ang katotohanan at ang buhay. Papurihan natin siya at sabihin:

— Anak ng Diyos na buhay, pagpalain mo ang iyong sambayanan.

Dumadalangin kami sa iyo, Panginoong Hesukristo, para sa lahat ng mga naglilingkod sa iyong Simbahan,
sa kanilang paghahati para sa amin ng tinapay ng buhay, sila rin nawa'y makatanggap ng kalusugan at lakas.

— Anak ng Diyos na buhay, pagpalain mo ang iyong sambayanan.

Dumadalangin kami para sa buong sambayanang Kristiyano, upang ang lahat ay maging karapatdapat sa kanilang pagkatawag,
at pangalagaan ang kanilang pagkakaisa sa Espiritu sa pamamagitan ng bigkis ng kapayapaan.

— Anak ng Diyos na buhay, pagpalain mo ang iyong sambayanan.

Dumadalangin kami para sa mga namamahala sa amin, upang kanilang pairalin ang katarungan nang may habag,
at palaganapin ang kaayusan at kapayapaan sa buong daigdig.

— Anak ng Diyos na buhay, pagpalain mo ang iyong sambayanan.

Dumadalangin kami para sa aming sarili, upang linisin ang aming mga puso sa pag-awit ng iyong mga papuri kasama ng mga banal, makaugnay nawa namin ang aming mga kapatid na yumao na

aming itinataas sa iyong mapagmahal na kabutihan.

— Anak ng Diyos na buhay, pagpalain mo ang iyong sambayanan.

*Ama Namin*

Ama namin, sumasalangit Ka
Sambahin ang ngalan Mo
Mapasaamin ang kaharian Mo
Sundin ang loob Mo
Dito sa lupa, para nang sa langit.
Bigyan Mo kami ngayon ng aming kakanin sa araw araw.
At patawarin Mo kami sa aming mga sala,
Para nang pagpapatawad namin
Sa mga nagkakasala sa amin.
At huwag Mo kaming ipahintulot sa tukso,
At iadya Mo kami sa lahat ng masama.
Sapagkat Iyo ang kaharian, at kapangyarihan,
At ang kadakilaan, magpakailanman.

## Pangwakas na Panalangin

Ama,
ibinigay mo sa amin ang misteryo ng Pagkabuhay
bilang aming tipan ng panibagong ugnayan.
Ang bagong pagsilang nawang aming ipinagdiriwang
ay magkabisa sa uri ng aming pamumuhay,
sa pamamagitan ni Hesukristo,
kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

— Amen.

*Paghayo*

Pagpalain nawa tayo ng panginoon, iligtas tayo mula sa lahat ng kasamaan at akayin tayo sa buhay na walang hanggan.

— Amen.

PANALANGIN NG MGA KRISTIYANO SA MAGHAPON

Ang mga tekstong biblikal at mga Papuring Awit na ginamit ay halaw mula sa MAGANDANG BALITA BIBLIA. Karapatang-sipi @ 1973, Philippine Bible Society, U.N. Ave., Manila.

Ang mga titik ng mga Awit at ang mga disenyong pansining ay likha ni Padre Mar DJ Arenas.

Karapatang-sipi @ 1994, LUPON REHIYONAL UKOL SA TAGALOG SA LITURHIYA.

Archdiocesan Liturgical Commission, Manila

mobile prayers

LITURGY OF THE HOURS
EBREVIARY

UNITED STATES OF AMERICA

*www.ebreviary.com*